# Nagpapayong Impormasyon para sa Mga Empleyadong Boluntaryong Gumagamit ng Mga Respirator

Washington State Department of Labor & Industries




### Panuntunan sa Mga Respirator, Talahanayan 2, WAC 296-842-11005

Ang mga respirator ay makakapagbigay ng proteksyon mula sa mga panganib sa hangin kapag tama ang napili at ginamit. Hindi boluntaryo ang paggamit ng respirator na iniaatas ng Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Division of Occupational Safety and Health, DOSH) ng L&I (Paggawa at Mga Industriya) o ng iyong employer. Sa iniaatas na paggamit, kailangan ng iyong employer na magbigay ng higit pang pagsasanay at makatugon sa mga karagdagang kinakailangan sa Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 296-842 **Mga Respirator**. Inirerekomenda ng DOSH ang boluntaryong paggamit ng mga respirator kapag mas mababa ang pagkakalantad sa mga substance kaysa sa mga pinapayagang limitasyon sa pagkakalantad (Permissible Exposure Limits, PEL) ng DOSH dahil posibleng makapagbigay ang mga ito ng karagdagang proteksyon.

Puwedeng magdulot ng mga panganib sa nagsusuot ang boluntaryong paggamit ng mga respirator. Kung pipiliin mong boluntaryong gumamit ng respirator (na mula sa iyo o sa employer mo), makakaiwas ka sa mga panganib na ito kung alam mo kung paano gamitin at linisin ang iyong respirator.

### Gawin ang mga hakbang na ito:

- Basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na ibinigay ng manufacturer tungkol sa paggamit, pagmementina (paglilinis at pangangalaga), at mga babala kaugnay ng mga limitasyon ng respirator.
- Piliin ang mga respirator na sertipikado ng Pambansang Institusyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (National Institute for Occupational Safety and Health, NIOSH) na makakaprotekta sa iyo mula sa pinag-uusapang panganib. Kung hindi sertipikado ng NIOSH ang isang respirator, posibleng hindi ito nakakatugon sa mga minimum na pamantayan sa disenyo at pagganap sa paggamit sa lugar ng trabaho.
  - May label ng pag-apruba ng NIOSH sa packaging ng respirator. Malalaman mo rito kung anong proteksyon ang ibinibigay ng respirator.
  - Tandaan ang respirator mo para hindi mo magamit ang respirator ng iba nang hindi sinasadya.
  - **Huwag** isuot ang iyong boluntaryong respirator sa mga lugar o sitwasyon kung saan kailangan ng respirator, gaya ng:
    - Mga atmosphere na may mga panganib, kung saan hindi makakapagbigay ng proteksyon ang iyong respirator. Halimbawa: hindi magagawa ng isang respirator na idinisenyo para mag-filter ng mga dust particle na protektahan ka mula sa solvent vapor, usok, o kakulangan ng oxygen.
    - Mga lugar o proseso kung saan kailangang gumamit ng respirator, kapag boluntaryong paggamit lang ang pinapayagan.

---

Puwedeng ibigay ng mga employer ang impormasyong ito sa mga empleyadong boluntaryong gumagamit ng mga respirator para matugunan ang kinakailangan sa pagbibigay ng Talahanayan 2 sa WAC 296-842-11005 Mga Respirator.

Para matuto pa tungkol sa mga respirator, tingnan ang WAC 296-842 Mga Respirator**.**, **https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=296-842**